# MGA KATANGIAN NG ‘HAJJ AT ‘UMBRAH

# صفة الحج والعمرة

< التاجلوج-Tagalog >

Sangay sa Pagsasalin ng Wikang Tagalog ng:

Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamatnubay
sa Pamayanan ng Sulay Riyadh, k.S.A.

pangalan Translator:

Abdul Khaliq Sharif Srivada

pangalan rebisaher

Greg Abdul Aziz

# صفة الحج والعمرة

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالسلي
الرياض

ترجمة:

عبد الخالق شريف سريفادا

مراجعة:

جريج عبد العزيز اثنين

**ANG PANIMULA**

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah ﷻ, Panginoon ng sanlibutan at sangkatauhan. Ang pagpapala at pagbati ng Allah ﷻ ay mapasa-lahat ng mga Propeta, kay Propeta Muhammad ﷺ, sa kanyang pamilya, at sa lahat ng kanyang kamag-anak at mga kasamahan.

Ang 'Hajj ay isang banal na gawaing dapat maisakatuparan ng bawat Muslim na may kakayahang isagawa ng tapat para sa Allah:

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At buuin ang 'Hajj at ang Umbra na paglilingkod sa Allah"

Ang aklat na ito ay aming inilathala kasama ang aming panalangin na sana ang babasahing ito ay makapagbibigay liwanag tungo sa wastong kaalaman at pamamaraan sa 'Hajj.

Ang mga Paliwanag na nilalaman ng Aklat na ito ay sinipi mula sa mga babasahing pinamagatang Patnubay sa 'Hajj, Umbra at Pagdalaw sa Masjid ng Propeta ng yumaong Shiekh Abdulaziz bin Abdullah Baz رحمه الله dating Pangulo ng Darul Ifta ng Saudi Arabia at ang Mga Alituntunin at Pamamaraan ng 'Hajj at Ziyarah ni Shiekh Abdulaziz bin Hassan Aal Alshiekh حفظه الله Imam at Khateeb ng Ka'abah. Bilang karagdagang pagpapaliwanag sa mga Paliwanag

dito ay aking nilagyan ng talababa ng bawat rituwal ng 'Hajj na mababasa sa Talatuntunan ng aklat na ito, ang pinanggalingang Hadeeth base sa aklat ng Sahih Bukhari at Sahih Muslim na nagpapatunay na ang mga rituwal ng 'Hajj ay umaalinsunod ayon sa Sunnah at Tradisyon ng Propeta Muhammad ﷺ at ganoon din kung paano ito isinabuhay ng kanyang mga Kasamahan ﷺ.

Ang munting aklat na ito ay aming inihandog sa lahat ng mga kapatid na Muslim, dito at maging sa ibayong dagat at kasama sa aming mga panalangin na tanggapin nawa ng Allah ﷻ an g aming maganda at mabuting layunin na ang lahat ng iyon ay para sa Kanya lamang.

وصلى الله عليه وسلم

Maraming salamat po at Wassalamu Alaykum
Warahmatullahi Wabarakatuh.

**Abdulkhaliq Sharif Saripada**

Riyadh, KSA

1 Dhul-Qaidah 1424h

25 December 2003

# ‘Hajj, Ang Banal na Paglalakbay

Ang perigrinasyon (Banal na Paglalakbay) sa panahon ng ‘Hajj[1] ay kautusan at obligasyong itinakda ng Allah ﷿ sa tao upang ito ay gampanan. Ginawa rin ng Allah ﷿ ang ‘Hajj na isa sa mga mahahalagang haligi sa Relihiyong Islam.

Sinabi ng Allah:

وَلِلَّهِ عَلَى ٱلنَّاسِ حِجُّ ٱلْبَيْتِ مَنِ ٱسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا


*“Tungkulin ng tao sa Allah ang (maglakbay sa panahon ng) ‘Hajj sa Bahay (ang Kaabah), silang mga (tao na) may kakayahang tustusan ang daan (sa paglalakbay) dito.” (Al-Imran 3:97)*

Mula sa Hadith ng Sugo ng Allah ﷺ ay kanyang sinabi: “Ang Islam ay itinayo sa lima (o limang haligi): Ito ang (Shahadatayn) pagtetestigo na walang diyos maliban sa Allah ﷿ at si Muhammad ﷺ ay Sugo ng Allah ﷿ , ang pagsasagawa sa

---

[1] Ang Banal na Paglalakbay sa panahon ng Dhul-Hijjah,(ang panlabin-dalawang buwan sa Kalendaryo ng Hijri) at ang pan-limang Haligi sa pananampalataya sa Islam. Ito ay naging kautusan, Siyam na taon ang nakaraan pagkatapos ng Hijrah (9 A.H.).

Ang Masjid Al-'Haram




mga pagdarasal (Salat), pagbabayad ng Kawanggawa (Zakat), ang ('Hajj) paglalakbay sa Bahay , at (Sawm) Pag-aayuno sa (buwan ng) Ramadan. (Al-Bukhari)

Kung ang isang Muslim ay may katangiang kaya (ng kanilang katawan, kalusugan, kaisipan at pananalapi) ang paglalakbay na ito ay magiging obligasyon sa kanila ang magsagawa ng 'Hajj dahil ito ay tungkuling dapat maisagawa kahit minsan lang sa buong buhay ng isang Muslim. Ang 'Hajj ay isa sa mga matataas na gawaing pagsamba sa Allah ﷻ na magkakamit nang malaking gantimpala.

Ang kasaysayan kung kailan nagsimula ang 'Hajj ay walang nakakaalam, subalit mula sa mga panahong hindi maalaala ay alam nang karamihan na bago dumating ang panahon ni Propeta

Muhammad ﷺ , Ang rituwal ng ‘Hajj ay dati nang isinasagawa ng mga salinlahi sa mga sinaunang panahon subalit sa ibang anyo at pamamaraan. Sa panahon ni Propeta Muhammad ﷺ ipinahayag ang wasto at tamang pamamaraan kung paano ito isasagawa.

Ang Ka’abah, ang pinakaunang Bahay, sagrado at banal na pook na itinakda ng Allah سبحانه وتعالى sa tao ay naitayong muli sa panahon ni Propeta Abraham عليه السلام at ang kanyang panganay na anak na si Propeta Ismael عليه السلام.

Sinabi ng Allah:

إِنَّ أَوَّلَ بَيْتٍ وُضِعَ لِلنَّاسِ لَلَّذِي بِبَكَّةَ مُبَارَكًا وَهُدًى لِّلْعَالَمِينَ

*“Katotohanan ang pinakaunang (Sagradong) Bahay na itinakda para sa sangkatauhan ay ang Bakkah (Makkah), pook na pinagpala at patnubay sa Al-Alamin (mga sangkatauhan at Jinn).”* [2]

Ang dalangin ni Propeta Abraham sa Allah سبحانه وتعالى ay :

رَبِّ اجْعَلْ هَٰذَا الْبَلَدَ آمِنًا وَاجْنُبْنِي وَبَنِيَّ أَن نَّعْبُدَ الْأَصْنَامَ

“Panginoon ko! Gawin Mo ang lungsod na ito (Ang Makkah) na isa sa mga (pook na) mapayapa at (may) katiwasayan, at ilayo Mo kami at ang aking mga anak mula sa mga pagsamba sa mga diyus-diyosan [3]”.

Ang panalangin na ito ay dininig ng Allah سبحانه وتعالى at Kanyang binigyan ng utos si Propeta Abraham عليه السلام upang gumawa ng panawagan ukol sa sangkatauhan.

Sinabi ng Allah سبحانه وتعالى :

---

[2] Qur’an 3:96 (Surah Al-Imran)

[3] Qur’an,14:35 (Surah Ibrahim.)

وَأَذِّن فِي ٱلنَّاسِ بِٱلْحَجِّ يَأْتُوكَ رِجَالًا وَعَلَىٰ
كُلِّ ضَامِرٍ يَأْتِينَ مِن كُلِّ فَجٍّ عَمِيقٍ

*"At ipahayag ang 'Hajj (Banal na Paglalakbay) sa sangkatauhan: (At) Sila ay makakarating sa iyo nang naglalakad at (nakasakay) sa bawat uri ng Kamelyong naghuhumapay nang dahil sa (tindi ng kanilang) mga nilakbay (mula) sa mga malalayo at malalalim (at maluluwang) na daan ng mga kabundokan [4]".*

Ang panawagan na ito ay kumalat at nakarating sa iba't ibang dako ng daigdig at nagkaroon ito nang katugunan at katuparan. Nakikita at nasasaksihan natin na sa tuwing sumasapit ang 'Hajj ay nagsisidatingan ang napakaraming bilang ng mga Muslim na nanggagaling mula sa dakong hilaga ng mundo hanggang timog at mula silangan hanggang kanluran at binubuo ito nang iba't ibang pinanggalingang lahi at kulay. Silang lahat ay nagkakatagpo-tagpo sa iisang pook at nagkakaisa sa mga rituwal na gawain sa dahilang sila ay may iisang paniniwala, layunin at landas na tinatahak upang magampanan ang isang banal na kautusang galing sa Allah ﷾. Ang 'Hajj bilang pagsamba sa Allah ﷾ ay nangangailangan ng isang malinis at dalisay na pananampalataya. Bawat Muslim, lalaki man o babae ay kinakailangan sa kanila ang matuto at maging maingat sa pagsasagawa sa banal na paglalakbay na ito, at tiyaking mabuti na ang lahat ng salapi at

[4] Qur'an 22:27(Surah Al-Hajj)

kayamanang gugugulin nila ay nanggaling lahat sa malinis na pamamaraan lalung-lalo na ang kanilang panloob na hangarin at panlabas na gawain, na iyon ay para sa Allah ﷻ lamang dahil ang Allah ﷻ ay dalisay. At dalisay na mga bagay at mga pagsamba lamang ang Kanyang tatanggapin.

Kinakailangan sa mga perigrino ang magkaroon nang tamang kaalaman sa mga alituntunin ng 'Hajj at wastong pamamaraan kung papaano isinasagawa at isinasakatuparan ang mga rituwal nito. Ganoon din ang sapat na kaalaman nang lahat sa mga gawain at mga pagsambang salungat sa rituwal at makakasira sa pagkasagrado ng 'Hajj. Katulad ng pagdarasal sa libingan ng Propeta ﷺ at sa libingan ng kanyang pamilya at kasamahan at humingi sa kanila ng tulong o biyaya o di kaya ay humingi ng pagpapala mula sa mga makasaysayang pook sa Makkah at Madinah katulad sa kuweba ng Hira o sa bundok ng Thaur o sa Jannatul Baqi' na ang lahat ng ito ay mga pagsambang hindi naaayon sa Sunnah o Tradisyon ng Propeta Muhammad ﷺ at lihis sa katuruan ng Islam na ito ay siyang magiging sanhi ng makapagpapawalang-bisa sa panuntunan at kahalagahan ng 'Hajj. Ang 'Hajj ay panahon nang pagsisisi sa mga kasalanang nagawa at paghingi ng kapatawaran sa Allah ﷻ . Kaya higit na ipinapayo sa mga taong may layuning isagawa ang banal na paglalakbay na ito ang magpakumbaba para sa Allah ﷻ at ayusing mabuti ang kanilang mga obligasyon sa kapuwa katulad ng utang kung mayroon, makipag-ayos sa mga bagay na hindi napagkakaunawaan sa

pagitan niya at nang kanyang mga kamag-anak at kaibigan at humingi ng kapatawaran o paumanhin sa mga taong kanyang inapi, inagrabayado o sinaktan dahil sa pagkalimot o pagkakamali at ang magbigay ng huling habilin bago siya maglakbay dahil bilang isang manlalakbay sa panahon ng 'Hajj ay dapat isipin muna natin kung tayo pa kaya ay makakabalik pa ng buhay? At kung sakaling hindi ay ipanatag natin ang ating kalooban na sa ating pagpanaw, tayo ay nasa landas patungo sa Allah ﷻ at tayo nawa ay tanggapin Niya sa Kanyang Paraiso .

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ :

﴿ **الحج المبرور ليس له جزاء إلا الجنة.** ﴾ أخرجه البخاري و مسلم

*"Ang tanggap na 'Hajj ay walang ibang gantimpala maliban sa Paraiso." (Bukhari at Muslim)*

**ANG TALAHANAYAN NG MGA URI NG 'HAJJ:**

| ARAW | 'HAJJ TAMATTU' | | 'HAJJ QIRAN | | 'HAJJ IFRAD |
|---|---|---|---|---|---|
| * | Ihram para sa Umrah | | Ihram para sa Umrah at 'Hajj | | Ihram para sa 'Hajj lamang. |
| | Tawaf | | Tawaf | | Tawaf ** |
| | Sa'iey | | Sa'iey | | Sa'iey ** |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Dito nagtapos ang Umrah | | Dito nagtapos ang Umrah | | |
| 8 | Ihram para sa 'Hajj | | | | |
| | Manirahan sa Mina | | Manirahan sa Mina | | Manirahan sa Mina |
| 9 | 'Arafat | | 'Arafat | | 'Arafat |
| 10 | Muzdalifah | | Muzdalifah | | Muzdalifah |
| | Jamarat al 'Aqabah | | Jamarat al 'Aqabah | | Jamarat al 'Aqabah |
| | Pagkatay sa hayop na pang-alay | | Pagkatay sa hayop na pang-alay | | |
| | Pagpuputol ng buhok | | Pagpuputol ng buhok | | Pagpuputol ng buhok |
| | Tawaf al Ifadah at Sa'iey | | Tawaf al Ifadah | | Tawaf al Ifadah |
| 11 | Pagbabato sa Jamarat- | | ❶Pagbabato sa Jamarat | | ❶Pagbabato sa Jamarat |
| 12 | ❷ Pagbabato sa Jamarat | | ❷ Pagbabato sa Jamarat | | ❷ Pagbabato sa Jamarat |
| 13 | ❸ Pagbabato sa Jamarat | | ❸ Pagbabato sa Jamarat | | ❸ Pagbabato sa Jamarat |
| * | Tawaf al Wada o Pamamaalam | | Tawaf al Wada o Pamamaalam | | Tawaf al Wada o Pamamaalam |

***Pagpapaliwanag Sa Mga Katawagan :***

**1. *Ihram:*** Ito ang dalawang pirasong mapuputing tela na isinusuot ng mga perigrinong lalaki, ang pang-itaas ay tinatawag na RIDA at ang pang-ibaba ay 'IZZAR subalit ang Ihram para sa mga babae ay kahit anong uri ng damit na maibigan nila subalit sa kondisyon na wala sa kanilang mga aurat ang nakalabas (ang aurat ng mga babae ay ang kanilang buong katawan maliban sa mukha, kamay at paa subalit kung sila ay nakaharap sa mga lalaking hindi nila mahram ay higit na kanais-nais kung takpan nila ang kanilang mukha). Bago isuot ang Ihram ay nararapat sa isang tao ang maglinis muna ng katawan sa pamamaraan ng paliligo at pag-aahit ng buhok sa kili-kili at sa maselang bahagi ng katawan (pubic hairs), magputol ng mga kuko, at lalung kanais-nais kung magpapahid siya ng pabango sa katawan[5] bago isuot ang Ihram. Ang Ihram ay Karapat-dapat na maisuot sa Miqat[6].

Kung sakaling hindi maisuot ng perigrino ang Ihram sa dinaanan niyang Miqat o himpilan ay kinakailangang bumalik siya sa Miqat at ulitin ang pagsusuot ng Ihram. Ang pagpapawalang bahala dito ay magkakamit ng (Fidya) multa, o bilang kabayaran ay kinakailangang magkatay ng isang tupa o kambing at ipakakain ito sa mga mahihirap sa Makkah.

---

[5] Naisalaysay ni 'Aisha ﵂ : "Pinahiran ko ng pabango ang Sugo ng Allah ﷺ bago siya pumasok sa katayuan ng Ihram at (pagkatapos ng Tahallul) bago niya ikutin ang (Sagradong) Bahay." Sahih Muslim, Vol. 2B, Hadith No. 1189 page 209.

[6] Tingnan ang kahulugan sa pahina 17.

Ang **Layunin** (**Niyyat)** sa paglalagay ng Ihram ay **" LABBAYKA 'UMRATAN** (sa panahon ng Umra) at **"LABBAYKA 'HAJJAN"** (sa panahon ng 'Hajj)". Ang niyyat ng mga taong magsasagawa ng 'Hajj para sa iba ay **"LABBAYKA ALLAAHUMMA 'AN**: ............................. Pagkatapos maisuot ang Ihram ay magtungo sa Masjid ng Miqat **(banggitin ang pangalan ng tao)** at magdasal doon ng dalawang rak'at na sunnah. Tungkol naman sa mga babaing may regla o kagagaling lang sa panganganak ay dapat na rin silang maligo, maglinis ng katawan at isuot ang kanilang Ihram.

## *Mga Ipinagbabawal Habang Nakasuot Ng Ihram.*

محظورات الإحرام

1. Huwag magpakalbo, magpaputol o magbawas ng buhok o bumunot sa iyong mga buhok maliban kung ito ay kailangang putulin o kalbuhin [7].
2. Huwag magpaputol ng kuko.
3. Huwag magpahid ng pabango sa Ihram.
4. Huwag magsuot ng telang may tahi (kamisadentro, turban, pantalon) para sa mga lalaki [8] .
5. Huwag talukbungan ang ulo. ( sa mga lalaki )
6. Huwag mamanhikan o kumontrata sa pag-aasawa.
7. Huwag mag-asawa.
8. Huwag makipagtalik sa asawa

[7] Sinabi ng Allah ﷻ : "At huwag ninyong ahitan ang inyong mga ulo hangga't ang Hadyi ay sumapit sa pook ng pag-aalay". Qur'an 2:196 at basahin ang Sahih Muslim, Vol 2B Hadith No. 1201, page 219.

[8] Naisalaysay ni Ibn 'Umar ؓ : "Ang isang lalaki ay nagtanong sa Propeta ﷺ kung ano'ng damit ang isusuot. Kaagad sinabi ng Propeta: Huwag magsuot ng kamiseta, Turban, pantalon, sumbrero o di kaya ay medyas na balat maliban kung hindi siya makakita ng sapatos: puwede siyang mag-medyas subalit kinakailangang putulan ito hanggang sa ibaba ng bukong-bukong." Sahih Muslim, Vol 2B Hadith No. 1177 page 200.

9. Huwag pumatay o tumulong sa pagpatay ng mga insekto, hayop at iba pang may buhay, maliban kung ito ay makapipinsala katulad ng ahas at iba pang mga makamandag na hayop at insekto [9] .

**2. MIQAT:** ito ang mga himpilang itinakda ng Sugo ng Allah ﷺ sa mga perigrino upang doon isagawa ang mga pangunahing gawain sa banal na paglalakbay (‘Hajj) katulad nang mga paglilinis sa katawan bago maisuot ang IHRAM  at maisagawa ang layunin sa paglalakbay.

## Ang Mga Mawaqit (Miqat) [10]

## O Himpilan

1. Ang DHUL HULAIFA  (Abar Ali) sa Madinah[11]**.**

2. Ang AL JUHFA sa Sham[12]**.**

3. Ang QARN-UL-MANAZIL sa Najd[13].

4. Ang YALAMLAM sa Yemen.

[9] Sahih Muslim, Vol 2B Hadith No. 1198 page 215-216.

[10] Mula sa salaysay ni Ibn Abbas ﵄ : Ginawa ng Sugo ng Allah ﷺ ang Dhul-Hulaifa na Miqat para sa mga tao ng Madinah; Al-Juhfa para sa mga tao ng Sham; Qarn-al-Manazil para sa mga tao ng Najd; Yalamlam para sa mga tao ng Yemen; [ Al-Bukhari,Vol. 2,Hadith 599, Page 349].

[11] Ang dating pangalan nito ay Yathrib

[12] Ito ang dating pangalan ng mga bansang Syria, Lebanon, Jordan, Palestine.

[13] Ito ang dating pangalan ng Riyadh at iba pang mga kalapit pook nito.


5. Ang Dhatu-Irq sa Iraq[14].

6. Ang Tana'im sa Makkah.

**3. Ang Tawaf:** ito ang pag-ikot ng pitong ulit o beses sa Kaabah. Sa pag-ikot na ito ay kinakailangang mag-umpisa sa 'Hajjar-al-Aswad o sa itim na bato sa pamamagitan nang paghalik dito o di kaya ay mahawakan ito o tumayo sa guhit na itim sa sahig ng Ka'abah

[14] Mula sa salaysay ni Ibn Umar ﷺ: Noong masakop ang dalawang bayan na ito (Basra at Kufa), ang mga tao ay nagpunta kay Umar ﷺ at kanilang sinabi, "O pinuno ng mga mananampalataya! Itinakda ng Sugo ng Allah ang Qarn bilang Miqat o himpilan para sa mga tao ng Najd, ito ay malayo sa aming dinadaanan kaya nahihirapan kaming dumaan dito." Kanyang sinabi, "Kumuha (pumili) ng Miqat na malapit at nakatapat sa Qarn sa inyong mga dinadaanan. Kaya kanyang napili ang Dhatu-Irq (na kanilang Miqat). [ Al-Bukhari,Vol. 2,Chap. 13, Page 352].

## Ang Pagtatawaf sa Kaabah




at itaas ang kanang kamay at humarap sa kinaroroonan ng itim na bato at bigkasin ang Allaho Akbar[15]. Bawat ikot ay tinatawag na **Shawt** at sa pag-ikot na ito ay itinatagubilin sa mga lalaki na bilis-bilisan nang bahagya ang paglalakad nila sa unang

[15] Mula sa salaysay ni Ibn Abbas ﷺ : Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagtawaf sa Kaabah na nakasakay ng Kamelyo (sa panahon na iyon ay may sugat ang kanyang paa) at sa tuwing siya'y sumapit sa kanto (na kinaroroonan ng Itim na Bato), ay itinuturo niya ito na may hawak na bagay at kanyang binabanggit ang Allaho Akbar. [ Al-Bukhari, Vol. 2, Hadith 697, Page 406].

tatlong ikot [Ito ang tinatawag na **Ramal,**[16]] at habang umiikot sa Kaabah ay gumawa nang mga panalangin o Dhikr para sa Allah ﷾, dahil walang nakatakdang panalangin sa bawat pag-ikot dito. Ang bawat ikot ay dito rin nagtatapos sa guhit na itim na nakatutok sa Hajjar-al-Aswad. At sa pag-ikot na ito sakaling sumapit na sa pagitan ng Rukn Yamani (Kanto ng Yamani) at 'Hajjar-al-Aswad ay kanais-nais na bigkasin mo ang panalangin na ito*:*

رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِي ٱلدُّنۡيَا حَسَنَةٗ وَفِي ٱلۡأٓخِرَةِ حَسَنَةٗ وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ

*"Rabbana aatina fiddunya 'hasanatan wa fil A'khirati 'hasanatan waqina 'adhaaban naar*[17]**"**, ang kahulugan ay: "O! Allah pagkalooban Mo kami ng mga kanais-nais sa mundong ito at mga kanais-nais sa kabilang buhay at iligtas Mo po kami sa kaparusahan sa Apoy! (ng Impiyerno)". Pagkatapos ng pitong pag-ikot ay magdasal ng dalawang rak'at na nakaharap sa Maqam Ibrahim [18] (Ang Estasyon ni Propeta Abraham) o kahit saan mang lugar sa loob ng Masjid Al Haram (Kaabah). Kung ang Tawaf ay hindi kaya ng perigrino sa dahilang siya ay may sakit o may kapansanan ay pinapahintulutang isagawa ang tawaf na nakasakay [19]. Pagkatapos ng tawaf ay lalong

---

[16] Naisalaysay ni 'Abdullah bin 'Umar﵁ : Ang Propeta ﷺ ay nagsagawa ng Ramal sa (unang) tatlong ikot (ng Tawaf), at siya ay naglakad lamang sa nalalabing apat, sa Hajj at 'Umra. [Al-Bukhari, Vol.2, Hadith 674, Page 394].

[17] 2:201 (Al-Baqara).

[18] Naisalaysay ni Nafi'﵁ ," Si Ibn 'Umar ﵁ ay malimit magdasal ng dalawang rak'at pagkatapos ng pitong ikot (Tawaf). At sinabi ni Ismail bin Umaiya﵁ ,"sinabihan ko si Az-Zuhri ﵁ na sinabi ni 'Ata na sapat na ang obligadong pagdarasal sa dalawang rak'at sa Tawaf, sinabi ni Zuhri ﵁, mas mahalaga ang sumunod sa sunnah o tradisyon (ng Propeta). Ang Propeta ﷺ ay kailanman hindi nagtawaf maliban sa siya ay nagdarasal nang dalawang rak'at (pagkatapos ng Tawaf).[ Al-Bukhari, Vol.2, Chapter no. 68 , Pages 402.]

[19] Naisalaysay ni Ummu Salama ﵁: Ibinalita ko sa Sugo ng Allah ﷺ ang tungkol sa aking karamdaman (sakit) . Kanyang sinabi. : Isagawa ang Tawaf (sa

katanggap-tanggap kung ang perigrino ay uminom ng tubig Zam-zam.

Tandaang mabuti na ang 'Hajjar al Aswad o ang itim na bato ay walang obligasyong maidudulot ito sa rituwal ng Hajj. Ang hindi makahalik o hindi makahipo sa batong itim ay hindi makababawas sa bisa ng 'Hajj at ang mga paniniwalang ito na naglalaman daw ng lubhang kahalagahan o biyaya ay lihis sa katuruan ng Islam, bagkus ito ay kasama sa mga paniniwala ng mga Bid'ah. Sapat na sa perigrino, kung mahihirapan siya sa paghalik o paghipo sa batong ito ang itaas ang kanang kamay na nakaharap sa 'Hajjar al Aswad at bigkasin ang "Allaho Akbar". Ang paghipo sa apat na kanto ng Kaabah habang iniikot ito ay hindi tama, ang totoo ay kasama sa mga gawain ng Propeta ﷺ ang humipo o humawak sa Rukn al Yamani (kanto ng Yamani) at ang 'Hajjar al Aswad ganoon din ang kanyang panalangin sa pagitan ng dalawang ito ay

*"Rabbana atina fiddunya 'hasanatan wa fil Akhirati 'hasanatan wakina adhaban-nar"*. Ang pakikipagsiksikan at gumawa ng mga bagay na makakapanakit sa kapwa perigrino habang isinasagawa ang tawaf ay iwasan. Ang mga babaeng nireregla ay hindi pinapayagang mag-tawaf at dapat sa kanilang hintayin ang taning ng kanilang regla bago nila maisagawa ang tawaf.


Kaabah) sa likuran ng mga tao habang ikaw ay nakasakay (ng Kamelyo)," [Al-Bukhari, Vol 2, Hadith 698 page 406].

## *Mga Uri ng Tawaf*

1. **Tawaf Al-Qudoom:** ito ang Tawaf sa pagdating, at ito ay kasama sa mga sunnat ng Hajj at Umrah.
2. **Tawaf Al-Ifadah o Tawaf Al-Ziyarah:** ito ay tawaf na kasama sa mga Rukn o Haligi ng Hajj at ito ay Fardh o Obligasyon dahil kapag hindi ito naisagawa ang Hajj ay hindi tatanggapin at kinakailangang ulitin.
3. **Tawaf Al-Wada:** ito ang Tawaf na Pamamaalam at ito ay kasama sa mga wajib ng 'Hajj. Kung ito ay hindi naisagawa ay hindi nanga-ngahulugan na ang 'Hajj ay sira bagkus ito ay nangangailangan lang ng Fidya o multa ng pagkatay ng isang tupa o kambing sa nasasakupan ng Makkah.

**4. *Ang Sa'iey:*** ito ang paglalakad ng pitong ulit o beses sa pagitan ng dalawang bundok, ang Safa at Marwah. Ang layo sa pagitan ng Bundok Safa at Marwah ay halos kalahating (1/2) kilometro, samakatuwid ang pitong ulit o beses na paglalakad sa bawat linya ay humigit kumulang ng tatlo at kalahating (3.5) kilometro.

## Ang Pook ng Sa'iey




Ang Safa at Marwah ay matatagpuan sa bandang silangan ng Kaabah. Ang Sa'iey ay mag-uumpisa sa Bundok ng Safa, Umakyat ka dito, at humarap sa Kaabah, bigkasin ang Takbeer (Ang Allaho Akbar) ng tatlong beses at bigkasin ang:

إِنَّ ٱلصَّفَا وَٱلْمَرْوَةَ مِن شَعَآئِرِ ٱللَّهِ فَمَنْ حَجَّ ٱلْبَيْتَ أَوِ ٱعْتَمَرَ فَلَا جُنَاحَ
عَلَيْهِ أَن يَطَّوَّفَ بِهِمَا وَمَن تَطَوَّعَ خَيْرًا فَإِنَّ ٱللَّهَ شَاكِرٌ عَلِيمٌ

***"Innas Safa wal marwata min sha'a-irillahi, Faman 'Hajjal Bayta awi'tamara fala junaa'ha 'alayhi ayyattawwafa bihima, waman ta'tawwa'a 'khayran fa innallaha sha-kiron 'aleem*** [20]. Ang kahulugan ay: ***"Katotohanan, ang Safa at Marwah ay kasama sa mga palatandaan ng Allah ﷻ. Kaya, ang sinuman ang isagawa ang 'Hajj at 'Umrah sa Bahay (Ang Kaabah) ay hindi niya kasalanan na magsagawa ng Sa'ey (paglalakad ng pitong ulit sa pagitan nito), at sinumang kusang-loob na gumawa ng kabutihan, samakatuwid ang Allah ay Lubos na Tumatanggap (sa mga mabubuting gawa) ang Lubos na Maalam.*** (ulit-ulitin ang panalangin na ito sa tuwing umaakyat sa Bundok ng Safa at Marwah.), at ibuka ang iyong mga palad at manalangin***: " La-Ilaaha Illallahu wa'hdahu La shareekaLah, Lahul mulku walahul 'Hamd, Wa Huwa 'alaa kulli shay'in Qadeer, La-Ilaha Illallahu wa'hdah anjaza wa'dah, wa nasara 'abdah wahazamal ahzaaba wa'hdah."***

((لاَ إِلَـهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَهُ ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ ،لاَ إِلَـهَ إِلاَّ اللهُ وَحْدَهُ ، أَنْجَزَ وَعْدَهُ وَنَصَرَ عَبْدَهُ وَهَزَمَ الْأَحْزَابَ وَحْدَهُ))

Bumaba mula Safa patungong Marwah at maglakad ng mahinahon subalit pagsapit mo sa unang lugar na may palatandaang guhit na kulay berde ay kailangang bilisan mo (sa mga lalaki) ang iyong paglakad hanggang sa pangalawa o kahuli-hulihang palatandaang guhit na kulay berde. Sa iyong paglalakad ay kailangang may kasamang Dhikr para sa Allah ﷻ at manalangin sa iyong mga kagustuhang mga panalangin para sa iyo at sa iyong pamilya, at sa lahat ng mga Muslim pangkalahatan (dahil walang nakatakdang panalangin dito) o magsaulo ng mga taludtod mula sa Banal na Qur'an. Pagsapit sa bundok ng Marwah ay umakyat dito at manalangin kahalintulad ng mga panalanging binanggit mo sa bundok ng Safa at manalangin din para sa iyong

[20] Qur'an 2:158 (Al-Baqarah)

sarili, sa iyong pamilya at para sa lahat ng mga Muslim. Dito nagtapos ang bilang isa ng pagsa-sa'iey. Ulitin mo ang unang pamamaraang ginawa mo sa unang pagsa-sa'iey hanggang pito at dapat ang pinakahuli o ang pang-pitong paglalakad ay sa Bundok ng Marwah ito magtatapos. Huwag kalilimutan na ang mga babaeng nireregla ay hindi pinapayagang magsagawa ng sa'iey maliban kung sila ay nasa malinis at dalisay na katayuan o kalagayan.

### Mga Batayan O Kondisyon Sa Pagsasagawa Ng Sa'iey:

1. Ang hangaring pagsunod sa kautusan ng Allah سبحانه وتعالى .
2. Ang Tawaf ay dapat unang maisagawa bago ang Sa'iey.
3. Huwag putulin ang pag-ikot sa Sa'iey subalit mga maiiksing tigil ay pinapayagan kung ito ay kailangan.
4. Dapat buuin ang pitong pag-ikot dahil sakali mang ito ay kumulang ay mananatiling kulang (ang Sa'iey).

### Mga Etikita Ng Sa'iey

1. Ang mag-umpisa sa bundok ng Safa at ang pagbigkas sa panalanging ito:

إِنَّ ٱلصَّفَا وَٱلْمَرْوَةَ مِن شَعَآئِرِ ٱللَّهِ ۖ فَمَنْ حَجَّ ٱلْبَيْتَ أَوِ ٱعْتَمَرَ فَلَا جُنَاحَ
عَلَيْهِ أَن يَطَّوَّفَ بِهِمَا ۚ وَمَن تَطَوَّعَ خَيْرًا فَإِنَّ ٱللَّهَ شَاكِرٌ عَلِيمٌ

***" Innas Safa wal marwata min sha'a-irillahi, Faman 'Hajjal Bayta awi'tamara fala junaa'ha 'alayhi ayyattawwafa bihima, waman ta'tawwa'a 'khayran fainnallaha sha-kirun 'aleem "***

(Ang kahulugan ay: ***"Katotohanan, ang Safa at Marwah ay kasama sa mga palatandaan ng Allah ﷻ. Kaya, ang sinuman ang isagawa ang 'Hajj at 'Umrah sa Bahay (Ang Kaabah) ay hindi, at kung mayroon mang gumawa dito ng kusang-loob, tiyak ang Allah ﷻ ay Lubos na nagbibigay nang tanaw at lubos na maalam.***)

2. Kinakailangang nasa malinis at dalisay na katayuan o kalagayan.
3. Maglakad na nakayapak lamang at kung maaari ay walang kahirapang mararanasan.
4. Ang gunitain ang Allah ﷻ at palaging manalangin sa Kanya.
5. Ibaba ang mga paningin sa mga babae at iwasang magsalita ng mga hindi kanais-nais na pananalita.
6. Huwag manakit sa kapwa perigrino o sa mga dumadaan at sa mga nakakasabay sa paglalakad.
7. Ang magpakita nang pagpapakumbaba sa Allah ﷻ.

## 5. ANG TALBIYYAH [21]:

**Labbaika Allahumma Labbaik, Labbaika La-Sharika Laka Labbaik, Innal Hamda, Wanni-'Mata Laka Wal Mulk, La Sharika Lak.**

[21] Naisalaysay ni 'Abdullan bin 'Umar ؓ : Ang Talbiyya ng Sugo ng Allah ﷺ ay: "labbaika Allahumma labbaik, Labbaika la sharika laka labbaik, Innajlh'hamda wan-ni'mata laka wal-mulk, La sharika laka." Al-Bukhari, Vol. 2, Hadith 621, Page 361.

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لاَشَرِيكَ لَكَ لَبَّيْكَ ، إِنَّ الْحَمْدَ وَ النِّعْمَةَ لَكَ وَ الْمُلْكَ ، لاَ شَرِيكَ لَكَ .

**Ang Kahulugan** :

Ako ay tumugon sa Iyong Panawagan, O! Allah, Ako ay tumugon sa Iyong Panawagan at ako ay masunurin sa Iyong mga Kautusan, Ikaw ay walang katambal, ako ay tumugon sa Iyong Panawagan, Ang lahat ng papuri at mga pagpala ay para sa Iyo (lamang), ang kataas-taasang kapangyarihan ay para sa Iyo at Ikaw ay walang katambal.

## *Ang 'Umrah* العمرة

## *Mga Haligi ng 'Umrah* أركان العمرة

1. Ang pagsusuot ng IHRAM الإحرام
2. Ang pagsasagawa ng TAWAF الطواف
3. Ang pagsasagawa ng SA'IEY السعي

### *Mga Pamamaraan Sa 'Umrah*

### كيفية العمرة

1) Pagsapit sa Miqat ay isuot ang Ihram.

a.) Kailangan sa mga perigrino ang maligo, maglinis ng katawan at maglagay ng pabango (ang mga lalaki) sa katawan bago isuot ang Ihram.

b.) Kailangan din sa kanila na sa pagsusuot ng Ihram ay karapat-dapat na isa puso at isa wika ang layunin sa pagsasagawa ng 'Umrah, ito ang pagbigkas sa "Labbayka 'Umratan o di kaya ay Allaahumma Labbayka 'Umratan".

k.) Isaulo ang Talbiyyah *(basahin ang Talbiyyah sa pahina 28 sa Aklat na ito)* habang naglalakbay patungong Makkah. Ihinto ang pagsasaulo (sa Talbiyyah) kapag nakita na ng perigrino ang Kaabah.

d.)Pinaalalahanan ang mga perigrino tungkol sa mga ipinagbabawal habang sila ay nakasuot ng Ihram bilang Muhrim ***(basahin***

***ang mga ipinagbabawal sa Muhrim sa pahina 16 sa Aklat na ito).***

2) Isagawa ang Tawaf al-Qudoom (pag-ikot ng pitong beses) pagdating sa Kaabah sa Makkah (basahin ang Tawaf sa pahina 17 sa Aklat na ito) .

3) Isagawa ang Sa'iey (paglalakad) sa pagitan ng Bundok ng Safa at Marwah ***(basahin ang Tawaf sa pahina 22 hanggang 28 sa Aklat na ito).***

3) Magpakalbo (o magbawas ng buhok sa mga lalaki kapag ang perigrino ay nagsasagawa ng Hajj at-Tamattu') at magbawas ng buhok sa mga babae.

4) Hubarin ang Ihram, magbihis o magpalit ng damit at manumbalik sa dating (pangkaraniwang) katayuan.

## *Ang ‘Hajj* الحج

### *Mga Haligi ng ‘Hajj* أركان الحج

1. Ang pagsusuot ng IHRAM الإحرام
2. Ang pagsasagawa ng TAWAF الطواف
3. Ang pagsasagawa ng SA’IEY السعي
4. Ang pagtigil sa ARAFAH الوقوف بعرفة

Sinabi ng Allah ﷻ sa banal na Qur’an:3:97

وَلِلَّهِ عَلَى ٱلنَّاسِ حِجُّ ٱلْبَيْتِ مَنِ ٱسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا

*Ang ‘Hajj*[22] *sa Bahay*[23] *ay isang tungkulin na pananagutan ng tao sa Allah ﷻ , Silang (mga taong) may kakayahang maglakbay. 3:97 Al-Imran*

**قال رسول الله ﷺ :( مَنْ حَجَّ فَلَمْ يَرْفُثْ وَ لَمْ يَفْسُقْ رَجَعَ كَيَوْمٍ وَلَدْتَهُ أُمُّهُ ) رواه البخاري**

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : “Ang sinuman ang magsagawa ng ‘Hajj para sa Allah at huwag makipagtalik sa asawa (habang siya ay nasa katayuan ng Ihram) at huwag gumawa ng mga pagkakasala ay (para siyang) bumalik (pagkatapos ng

[22] Ang ‘Hajj (Perigrinasyon o Banal na Paglalakbay patungong Makkah) ay isa sa Limang Haligi at bilang kaganapan (o kabuuan) ng pananampalataya sa Islam. Ito ay naging kautusan, Siyam na taon ang nakaraan pagkatapos ng Hijrah (9 A.H.).

[23] Ito ang Kaabah sa Makkah al Mukarramah sa Bansang Saudi Arabia sa Gitnang Silangan.

'Hajj na malayang-malaya sa mga pagkakasala) na parang ipinanganak muli ng kanyang ina[24].

**Ang pitong mga gawain na dapat gampanan sa panahon ng 'Hajj.**

1. Ang pagsusuot ng Ihram sa Miqat.
2. Ang (Waqoof) pagtigil sa 'Arafah.
3. Ang Manirahan sa Muzdalifah.
4. Ang manirahan sa Mina sa Araw ng Tashrik.
5. Ang bumato sa tatlong Jamarat.
6. Ang magpabawas o mag-paputol ng buhok, subalit ang magpakalbo ay kanais-nais sa mga lalaki.
7. Ang tawaf al Wada o Tawaf na pamamaalam.

## *Mga Uri Ng 'Hajj:*

***1. 'Hajj At-Tamattu' :*** Ito ang pagsusuot ng Ihram upang isagawa muna ang 'Umrah sa buwan ng 'Hajj, (at pagkatapos maisagawa ang Umrah ay maaari na nilang hubarin ang kanilang Ihram at sila ay manumbalik sa pangkaraniwang katayuan) at ang pagsusuot muli ng Ihram upang isagawa ang mga rituwal sa 'Hajj pagsapit sa Ayyamu Tarwiyyah o sa Ika-walo sa buwan ng Dhul 'Hijjah

---

[24] Naisalaysay ni Abu Hurairah ﷺ : "Ang sinuman ang mag Hajj na para sa kagustuhan ng Allah ﷻ at hindi makipagtalik sa kanyang asawa (habang nasa katayuan ng Ihram) at hindi gumawa ng mga masasama at mga kasalanan, siya ay babalik (pagkatapos ng 'Hajj na malaya sa mga kasalanan) na parang ipinanganak ng muli". Al-Bukhari, Vol. 2, Hadith 596, Page 347.

habang nasa loob ng Makkah o sa pook na malapit sa Makkah.

2. ***Hajj Al-Qiran*** *:* Ito ang pagsusuot ng Ihram upang isagawa ang 'Hajj at 'Umrah ng sabay at may dalang hayop para sa pag-aalay, subalit hindi maaaring hubarin ang Ihram hanggang sa araw ng sakripisyal ( o ika-sampung araw ng Dhul-Hijjah).

3. ***Hajj Al-Ifrad :*** Ito ang pagsasagawa ng 'Hajj lamang at ang paglalagay ng Ihram ay sa pook ng Miqat (o mga himpilan) bago pumasok sa Makkah o sa pagitan ng Miqat at Makkah, subalit hindi niya maaaring hubarin ang Ihram hanggang sa araw ng sakripisyal (o ika-sampu ng Dhul 'Hijjah).

## Mga Rituwal Na Dapat Magampanan (O Maisagawa) Sa Panahon Ng 'Hajj:

### *1. Ang Ika-walong Araw Sa Buwan ng Dhul-'Hijjah:*

1-1. Kung ikaw ay nagsasagawa ng 'Hajj Al Ifrad o 'Hajj Al-Qiran ay dapat isuot mo ang iyong Ihram mula sa dadaanan mong Miqat habang papunta sa Makkah. Kung wala kang madadaanang Miqat ay dapat kang magsimula sa iyong tinitirahan. Kung ikaw ay nagsasagawa ng 'Hajj At-Tamattu' ay dapat mong isuot ang iyong Ihram (***sa Araw ng Tarwiyyah***) na may kasamang layunin upang isagawa ang 'Hajj mula sa iyong tinitirahan sa Makkah. Sa araw na ito ay dapat kang maligo at maglagay o magpahid ng pabango (habang hindi pa

naisusuot ang Ihram) sa iyong katawan na ang iyong layunin ay upang isagawa ang Hajj at sabay banggitin (habang isinusuot mo ang Ihram)ang " **LABBAYKA 'HAJJAN** [25] ". "Labbayk Allahumma labbayk, Labbayka la shari-kalakalabbayk, Innal 'Hamdah. Wanni-'mata, laka Walmulku La-shareeka lak."

1-2. Pagkatapos ay lumabas patungo sa Mina, at isagawa doon ang mga dasal ng **Dhohr, Ashr,**[26] **Magrib, Isha at Fajr** sa mga wasto niyang orasan at ang apat na rak'at ay gawing dalawang rak'at (qasr) lamang (hindi maaring isagawa ang mga pagdarasal na ito nang sabay-sabay sa iisang orasan).

## *2. Ang Ika-Siyam Na Araw Sa Buwan Ng Dhul-'Hijjah:*

Pagsikat ng araw, (sa araw ng ika- siyam) ay kinakailangang pumunta sa 'Arafat ng mahinahon, at iwasan ang manakit sa kapuwa mga perigrino at isagawa doon ang mga dasal sa **Dhohr** at **'Asr**[27],

[25] Naisalaysay ni Jabir bin 'abdullah ﵁: Kami ay nagpuntang kasama ang Sugo ng Allah (sa Makkah) at aming binabanggit ang "Labbaika Allahumma Labbaik" para sa Hajj. Kami ay inutusan ng Sugo ng Allah na isagawa ang 'Umra ( sa halip na Hajj) sa iisang Ihram. [Al-Bukhari, Vol. 2, Hadith 641,Page 374].

[26] Naisalaysay ni ;Abdul 'Aziz bin Rufai ﵀: Tinanong ko si Anas bin Malik ﵁, "Sabihin mo sa akin ang natatandaan mo mula sa Sugo ng Allah (tungkol sa mga katanungan na ito): Saan niya isinagawa ang mga pagdarasal sa Dhohr at 'Asr sa araw ng Tarwiyyah (pang-walong araw sa Dhul-Hijjah)? Siya ay sumagot (kanyang isinagawa ang mga pagdarasal na ito) sa Mina." [ Al-Bukhari, Vol. 2,Chapter 82 & 83, Page 420].

[27] Al-Bukhari, Vol. 2, Chapter 88, Page 423.

paiksiin ito (**qasr**) at pagsamahin **(jamaah)** na may iisang adhan at dalawang Iqamat.

Karapat-dapat sa isang perigrino ang tiyaking mabuti na siya ay napapaloob sa pook ng 'Arafat sa araw na ito at kasama sa mga gagawin dito ay damihan ang Dhikr o paggunita sa Allah ﷻ at damihan din ang iba pang mga panalangin na nakaharap sa Qiblah at nakataas ang dalawang kamay kagaya nang ginawa ng mahal na Propeta Muhammad ﷺ. Kinakailangang tayo ay manatili sa 'Arafat hanggang sa paglubog ng araw, (at paglubog ng araw), magpunta sa Muzdalifa ng mahinahon at bigkasing paulit-ulit ang Talbiyyah. Pagdating sa **Muzdalifa** (galing sa bundok ng 'Arafat) ay dito manirahan sa gabing ito at lalung mabuti kung ikaw ay malapit sa Masjid ng Muzdalifa. Ang Muzdalifa ay alam sa pangalan na **Mash'ar al-Haram**[28]. Isagawa ang mga dasal sa **Maghrib at Isha**[29] (pagsabayin ito at paiksiin ang salatul Isha). Manatili dito hanggang salatul Fajr (hanggang bago magbukang liwayway). Pagkatapos magdasal ng Fajr ay nararapat sa mga perigrinong damihan ang kanilang mga panalangin na sila ay nakaharap sa Qiblah at nakataas ang kanilang mga kamay katulad sa ginawa ng mahal na Propeta Muhammadﷺ.

---

[28] Sinabi ng Allah ﷻ : "Kapag iniwan ninyo ang (bundok) ng Arafat, ipagdiwang ang mga papuri sa Allah ﷻ sa pook ng Mash'ar-il-Haram (Qur'an 2:198)." Ang Mash'ar-il-Haram ay ang pook na malapit sa Masjid ng Muzdalifa subalit sinabi ng mga pantas sa teolohiyang Islamik na ang buong Muzdalifa ay ang Mash-'ar-il-Haram.

[29] Naisalaysay ni Abu Ayyub Al-Ansari ﵁: Ang Sugo ng Allah ay isinagawa niya ang mga pagdarasal sa Maghrib at Isha na pinagsama ito sa Muzdalifa. [Al-Bukhari, Vol.2, Hadith 734, Page 430].

### *3. Ang Ika-Sampung Araw Sa Buwan Ng Dhul-'Hijjah:*

3-1. Pagkatapos ng **salatul Fajr** at bago sumikat ang araw ay bababa ang mga perigrino sa Mina[30] (nagmumula sa Muzdalifa) at habang sila ay naglalakad ay kanilang binibigkas ang **Talbiyyah**[31]. Maaari na rin (sa kanila) ang mamulot (sa Muzdalifa) nang pitong pirasong **maliliit na bato**[32] habang sila ay naglalakad patungo sa Mina upang ibato ito sa **Jamarat Al-Aqabah**[33], sa bawat pagpukol ay banggitin ang Takbeer[34] (**Allahu Akbar**). Ang ibang mga maliliit na bato ay maaaring sa Mina pulutin.

---

[30] Nisalaysay ni 'Amr bin Maimun ﵁ : "Nakita ko si 'Umar ﵁ na nagdadasal ng Fajr (Umagang) pagdarasal sa Jam' (Muzdalifa); pagkatapos, siya ay tumayo at kanyang sinabi, "Ang mga pagano ay hindi umaalis (mula sa Jam' (Muzdalifa)) hangga't hindi sumikat ang araw sa (bundok) Thabir." Subalit ang Propeta ﷺ ay sumalungat sa kanila at umalis mula sa Jam' (Muzdalifa) bago sumikat ang araw." Al-Bukhari, Vol. 2, Chapter 100, Hadeeth 744, Page 434.


[31] Naisalaysay ni Ibn 'Abbas ﵁ : "Pinasakay ng Propeta ﷺ si Al-Fadl ﵁ sa kanyang likuran, at sinabi ni Al-Fadl ﵁ na siya (Ang Propeta ﷺ ) ay patuloy na binabanggit ang talbiyyah hanggang sa isagawa niya ang Rami (pagpupukol ng bato) sa Jamra (Jamrat-al-Aqabah)." Al-Bukhari, Vol. 2, Chapter 101, Hadeeth 745, Page 435.

[32] Naisalaysay ni Jabir bin 'Abdullah ﵁ : Nakita ko ang Sugo ng Allah ﷺ habang nagpupukol ng bato (sa Jamarat-Al-Aqabah) na kasinlaki ng bato ng tirador. Sahih Muslim Vol. 2B, page 286, Chapter 52, Hadeeth No. 1299.

[33] Sinabi ni Jabir ﵁ :"Isinagawa ng Propeta ﷺ ang Rami (pagpupukol) sa Araw ng Nahr (pang Sampu ng Dhul 'Hijjah) bago magtanghali (ito ay para lamang sa Jamarat al-Aqaba), at ang sumunod (sa 11 at 12 ng Dhul 'Hijjah) ay isinagawa niya ang pagpupukol ng bato pagkatapos bumaba ang araw (pagkatapos ng Dhohr)." Al-Bukhari, Vol 2, Chapter 134, Page 464.

[34] Al Bukhari, Vol. 2, Chapter 138, Page 465.

## Ang Tatlong Jamaraat




3-2. Sa araw ring ito ay dapat katayin ang mga hayop pangsakripisyal [35] (kung mayroong dala), kumain sa karne nito at ang iba ay ipamigay sa mga mahihirap na nakatira sa Makkah.

لِّيَشْهَدُوا۟ مَنَٰفِعَ لَهُمْ وَيَذْكُرُوا۟ ٱسْمَ ٱللَّهِ فِىٓ أَيَّامٍ مَّعْلُومَٰتٍ عَلَىٰ مَا رَزَقَهُم مِّنۢ بَهِيمَةِ ٱلْأَنْعَٰمِ ۖ فَكُلُوا۟ مِنْهَا وَأَطْعِمُوا۟ ٱلْبَآئِسَ ٱلْفَقِيرَ

[35] Sinabi ng Alllah ﷻ : " At sa bawat nasyon ay mayroon Kaming itinakdang seremonyang pang-ispirituwal, na maaring mabanggit nila (rito) ang Pangalan ng Allah sa (kakatayıng) hayop na Kanyang ibinigay sa kanila upang kainin." (Qur'an:22:34) Ang hayop pang-sakripisyal o pang-alay ay isang tupa o kambing sa bawat tao, maaari na ring makihati ang pitong perigrino sa iisang kamelyo o baka. Subalit kung ang isang perigrino ay hindi kayang mag-alay ng hayop pang-sakripisyal ay ipinag-uutos sa kanya ang mag-ayuno ng sampung araw, tatlong araw bago sumapit ang araw ng Arafat (ang ika-siyam ng Dhul-Hijjah) at pitong araw pagdating niya sa kanyang tahanan (Ito ay para sa mga perigrinong nagsasagawa ng Hajj al-Tamattu' at Hajj al-Qiran[Al-Bukhari, Vol. 2, Chapter 102, Page 436]).

*"Na maaaring masaksihan nila ang mga bagay na mapapakinabangan nila (katulad ng mga gantimpala para sa 'Hajj sa Kabilang buhay, at mula din sa mga makamundong pakinabang (tubo) galing sa pangangalakal) at purihin ang pangalan ng Allah ﷻ sa mga Araw na nakatakda (mula sa ika-10, 11, 12 at 13 araw ng Dhul-'Hijjah) sa mga hayop na Kanyang inilaan para sa kanila (para sa pag-aalay). At kumain (sa karne) nito at pakainin dito ang mga maralitang gipit sa panga-ngailangan*[36]**.**"

3-3. Magpakalbo o magpaputol ng buhok, subalit ang magpakalbo[37] ay itinatagubilin at kanais-nais para sa mga lalaki, at ang pagpapaputol o pagbabawas ng bahagya sa buhok ay itinatagubilin para sa mga babae.

3-4. Kung ang mga nabanggit na rituwal sa itaas ay natapos na nang magkasunod-sunod, ay maaari ka nang manumbalik sa iyong dating (pang-karaniwang) kalagayan (ito ang tinatawag na **Tahallul Awwal (Ashgar)**) at pinapayagan ng hubarin ang suot mong ihram at magsuot ng pangkaraniwang damit subalit (sa katayuang ito ay) bawal pa rin sa iyo ang makipagtalik sa asawa.

3-5. Magtungo sa Makkah upang isagawa ang **Tawaf Al-Ifadah**[38] sa Kaabah (ang tawaf na ito ay kasama sa mga (Rukon) mahahalagang bahagi ng 'Hajj) at Sa'iey sa bundok ng Safa at Marwah (kung ikaw ay nagsasagawa ng 'Hajj At-Tamattu'). Sa

---

[36] Qur'an 22:28, (Surah Hajj)

[37] Naisalaysay ni 'Umar ﵁ : Pinapakalbo ng Propeta ﷺ ang kanyang ulo pagkatapos niyang maisagawa ang 'Hajj". Al-Bukhari, Vol. 2, Chapter 127, Hadeeth 784, Page 455.

[38] Naisalaysay ni 'Aisha ﵂: Isinagawa namin ang 'Hajj kasama ang Propeta ﷺ at isinagawa namin ang Tawaf al-Ifada sa Araw ng Nahr (Araw ng Pag-alay) ." Al-Bukhari, Vol. 2, Chapter 129,Hadeeth 789, Page 457.

pagkakataong ito ay pinahihintulutan na ang mga may asawa na sumiping o makipagtalik sa asawa dahil sila ay malaya na sa mga ibang ipinagbabawal sa panahon ng ‘Hajj at sila ay nanumbalik na sa kanilang pangkaraniwang kalagayan.

Kung ang isinasagawa ay ‘Hajj Ifrad o ‘Hajj Al-Qiran at hindi pa naisagawa ang sa’iey sa panahon ng **Tawaf Al-Qudom** (tawaf sa pagdating) ay nararapat na maisagawa ang sa’iey sa araw na ito. Maaari na ring ipagpaliban ang pagsasagawa ng tawaf Al-Ifadah ( hanggang sa matapos ang araw ng paninirahan sa Mina at pagbato sa tatlong Jamarat).

3-6. Bumalik sa Mina at manatili doon ng dalawa o tatlong gabi ( mula sa panlabing-isa at panlabing dalawa o panlabing-tatlong araw ng Dhul ‘Hijjah). Ito ang tinatawag na ***Ayyamu Tashreeq***[39] .

### *4. Ang Ika-Labing-Isang Araw Sa Buwan Ng Dhul-‘Hijjah:*

4-1. Mag-ipon ng dalawampu’t isang maliliit na bato sa Mina at batuhin ang tatlong jamarat[40]. Magsimula sa Jamarat Al-Asgar (maliit na jamarat) at pagkatapos ay sa Jamarat Al-Wusta (gitnang jamarat at manalanging (nakataas ang kamay na) nakaharap sa

[39] Sinabi ng Allah ﷻ : “At ilagi sa alaala ang Allah, sa mga itinakdang araw (tatlong araw na pananatili sa Mina sa panahon ng ‘Hajj: ika-11, ika-12 at ika-13 sa buwan ng Dhul ‘Hijjah). Subali’t sinumang nais magmadaling umalis sa loob ng dalawang araw, wala siyang kasalanan. At kung may magnanais manatili (sa lambak ng Mina), wala rin siyang kasalanan kung ang kanyang hangarin ay gumawa ng mabuti at tumalima sa Allah, at laging isa-isip na katiyakang kayo ay titipunin (at babalik) sa Kanya. (Qur’an 2:203)

[40] Al-Bukhari, Vol. 2, Hadith 802 of Chapter 134, Page 464.

Kiblah pagkatapos ng Rami (o pagbabato)) at ang huli ay ang Jamarat Al-Kubra o Al-Aqabah (malaking jamarat). Ang bawat jamarat ay nangangailangan ng pitong pagpukol o pagbato at bawat pagbabato ay ating binibigkas ang Allaho Akbar.

### *5. Ang Ika-Labin-Dalawang Araw Sa Buwan Ng Dhul- 'Hijjah:*

5-1. Sa araw na ito ay kailangang ulitin ang ginawa sa ika-labing-isang araw ng Dhul 'Hijjah.

5-2. Kung ikaw ay may balak na manatili sa Mina hanggang sa araw na ito ay nararapat sa iyo ang umalis sa loob ng Mina bago lumubog ang araw dahil kapag ikaw ay inabutan ng paglubog ng araw sa Mina ay kinakailangang manatili rito hanggang sa pangatlong araw at kailangan ding magbato katulad sa ginawa mo sa panglabing-isa at panlabin-dalawang araw.

***Paalaala:*** *Ang mga perigrinong may karamdaman, masakitin o hindi kaya ng kanilang sarili ang bumato sa tatlong Jamarat ay pinahihintulutang kumuha ng kahalili upang siya ay ibato o isagawa ang ritwal para sa kanya.*

5-3. Pagkatapos maisagawa ang mga pamamaraang ritwal sa 'Hajj at bilang

kahuli-hulihang tungkulin sa 'Hajj bago umuwi (sa iyong tahanan o bansa) ay isagawa muna ang **Tawaf Al-Wada** o **Tawaf na Pamamaalam** dahil ito ay tungkulin at obligasyon nang lahat ng mga perigrino, maliban sa mga babaeng nireregla o kapanganganak lamang ay pinahihintulutang hindi maisagawa ang obligasyon na ito.

Bilang paalaala at babala sa mga perigrino ay kasama sa mga pamamaraang taliwas sa katuruan sa

sunnah ng Propeta ﷺ ay ang ibang mga perigrino, habang sila ay papalabas ay nakaharap sa Kaabah at paatras na naglalakad palabas at kung anu-anong mga orasyon o mga panalangin ang kanilang binabanggit, minsan pa ay nakataas ang dalawang kamay na parang namamaalam. Ang wasto at tamang pamamaraan pagkatapos maisagawa ang Tawaf al-Wada ay lumabas mula sa Kaabah na nakaharap sa pintuan sa pangkaraniwan na pamamaraan.


## *Ang Ziyarah o Pagdalaw sa Masjid ng Propeta ﷺ at Medinah.*

## اَلزِّيَارَةُ إِلَى الْمَسْجِدِ النَّبَوِي

Ang pagdalaw ng mga Perigrino sa Masjid ng Propeta ﷺ at Madinah ay walang kinalaman sa mga rituwal ng 'Hajj bagkus ito ay kasama sa mga Sunnah at maaring maisagawa ang pagdalaw na ito bago sumapit ang 'Hajj o pagkatapos ng 'Hajj o sa mga ibang araw o buwan maliban sa buwan ng 'Hajj. Gayon pa man, ang mga pagsambang naisagawa sa masjid na ito ay mas mahalaga ng isang libong beses na pagdarasal kaysa mga pagsambang naisagawa sa ibang mga Masjid maliban sa (Ka'abah) banal na Masjid sa Makkah na ang mga pagsambang maisagawa dito ay mas nakahihigit ng isang daan libong pagdarasal kaysa mga pagsambang naisasagawa sa ibang mga masjid.

Bilang babala at paala-ala sa mga perigrino sa pagsasagawa sa pagdalaw na

Ang Masjid ng Propeta ﷺ.



ito ay iwasang (mag-Tawaf) ikutin ang mga puntod o libingan ng Propeta ﷺ at ang kanyang mga kasamahan o di kaya ay manalangin na nakaharap sa Propeta ﷺ, halikan o haplusin ang bakod ng mga libingan na ito na may kasamang paniniwala na ito ay makapagbibigay ng himala o ibang layunin, maliban sa ito ay pagdalaw lamang at walang pagsamba o pag-aalay para sa kanila ang niloloob ng

iyong hangarin dahil ito ay Shirk o pagtatambal sa Allah ﷻ .

***Mga Pamamaraan sa pagdalaw na ito:***

1. Ang hangarin o layunin ay upang dalawin ang Masjid ng Propeta ﷺ.
2. Pumasok sa pintuan ng Al-Salam sa Masjid ng Propeta ﷺ at ang kanang paa ang unang ipasok sa loob ng Masjid at banggitin ang panalangin na ito:

((بِسْمِ اللّٰهِ، وَالسَّلاَمُ عَلَى رَسُولِ اللّٰهِ، اَللَّهُمَّ اغْفِرْلِي ذُنُوبِي وَافْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِكَ))

***" Bismillahi, Wassalamu 'ala Rasulillahi, Allahummaghfirli dhdhonubi waftahli abwaaba Ra'hmatik".***

**Ang kahulugan ay**: *"Sa Ngalan ng Allah (ﷻ), ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa Sugo ng Allah. O! Allah, patawarin ako sa aking mga pagkakasala at buksan sa akin ang mga pintuan ng Iyong Awa."*

3. Magdasal ng dalawang rak'at bilang pagbati sa Masjid. Lalong kanais-nais kung sa pook ng Rawdah (Hardin) makapagdasal dahil nabanggit sa Hadith mula sa salaysay ni Bukhari at Muslim na sinabi ng Propeta ﷺ; "Sa pagitan ng aking bahay at ang aking pulpito ay harding mula sa Hardin ng Paraiso".

4. Magpunta sa puntod ng Propeta ng mahinahon, ibigay ang pagbati sa Propeta ﷺ sa pamamaraan ng pagbanggit sa mga pagbating ito:

اَلسَّلاَمُ عَلَيْكَ يَا نَبِيَّ اللهِ، اَلسَّلاَمُ عَلَيْكَ يَا خَيْرَةَ خَلْقِ اللهِ، اَلسَّلاَمُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللهِ وَبِرَكَاتُهُ. أَشْهَدُ أَنْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّكَ عَبْدُ اللهِ وَرَسُولُهُ، قَدْ بَلَّغْتَ الرِّسَالَةَ، وَأَدَّيْتَ الْأَمَانَةَ، وَنَصَحْتَ الْأُمَّةَ، وَجَاهَدْتَ فِي اللهِ حَقَّ جِهَادِهِ، صَلَّ اللهُ عَلَيْكَ وَعَلَى آلِكَ وَأَزْوَاجِكَ وَذُرِّيَاتِكَ.

***"Assalaamu 'alayka ya Nabiyyullah, Assalaamu 'alayka ya 'khayrata 'khalqi-Llah, Assalaamu 'alayka ayyuhan Nabiyyu wara'hmatu Llaahi wabaraka-tuho. Ash-hadu an-laailaaha illa-Lllaah, wa ash-hadu annaka 'abduLlaahi wa rasuluho, Qad ballaghtar risaalata, wa addaytal amaanata, wa jaahadta fil –Laahi haqqa jihaadihi, salla-Llaahu 'alayka wa 'ala 'aalika wa azwaajika wa dhurriyaatika".***

**Ang kahulugan ay:** "Sa iyo nawa ang kapayapaan O Sugo ng Allah! Sa iyo nawa ang kapayapaan o pinakamabuti sa sangkatauhan! Sa iyo nawa ang kapayapaan O Propeta ng Allah!. Ako ay sumasaksi na walang diyos maliban sa Allah ﷻ at ako ay sumasaksi na ikaw ay alipin at Sugo ng Allah. Naiparating mo ang mensahe at nagampanan mo ang ipinagkatiwala sa iyo, nasabihan mo (o napayuhan mo) ang Ummah at ikaw ay nagpakahirap sa landas ng Allah ﷻ . Pagpalain ka ng Allah ﷻ , ang iyong mga kamag-anak, ang iyong mga asawa at ang iyong mga supling."

5. Batiin si Abubakr al-Siddeq رضي الله عنه at sabihin ang:

اَلسَّلاَمُ عَلَيْكَ أَبَا بَكْرٍ الصِّدِّيْقَ صَفِيَّ رَسُوْلِ اللّٰهِ، وَصَاحِبَهُ فِي الْغَارِ، جَزَاكَ اللّٰهُ عَنْ أُمَّةِ رَسُوْلِ اللّٰهِ صَلَّى اللّٰهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ خَيْرًا.

***"Assalaamu 'alayka Aba-Bakrin siddeeqa 'safiyyar Rasulullaahi, wa 'saa'hibahu fil ghaari, jazaaka-Allahu 'an ummati rasulillahi 'salla-Llaahu 'alayhi wasallama 'khayran".***

**Ang kahulugan ay:** "Sa iyo nawa ang kapayapaan O Abubakr ﵁ ! Ang matalik na kaibigan ng Sugo ng Allah ﷺ at ang kanyang kasama sa kuweba. Sumaiyo nawa ang gantimpala ng Allah ﷻ (dahil) sa iyong paglilingkod sa Islam at (sa mga) Muslim."

6. Batiin si 'Umar ﵁ at sabihin ang:

اَلسَّلاَمُ عَلَيكَ يَا عُمَرَ الفَارُوقَ وَرَحْمَةُ اللّٰهِ وَبَرَكَاتُهُ جَزَاكَ اللّٰهُ عَنْ أُمَّةِ مُحَمَّدٍ صَلَّى اللّٰهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ خَيْرًا.

***"Assalamu 'alayka ya 'Umar alfa-rooqa warahmatullahi wabaraka tuho , jazaaka-Allahu 'an ummati Mu'hammadin rasulo-Llahi 'salla-Llahu 'alayhi wa sallama 'khayran."***

**Ang kahulugan ay:** " Sa iyo nawa ang kapayapaan O 'Umar ﵁ ! AL-Faarouq! Suma iyo nawa ang gantimpala ng Allah ﷻ (dahil) sa iyong paglilingkod sa Islam at (sa mga) Muslim."

7. Kung ikaw ay natapos na sa pagdalaw at sa iyong paglabas ay nararapat na ikaw ay nakaharap sa pintuan at kumilos na parang ikaw ay nanggaling sa isang pangkaraniwang Masjid.

***Mga pook na kanais-nais dalawin:***

1. ***Masjid Quba*** : Ang Sugo ng Allah ﷺ ay malimit niyang dalawin ang Masjid na ito at nagdadasal dito. Mula sa salaysay ni Ibn Majah ay sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: “Ang sinuman ang dalisayin ang sarili sa kanyang bahay at magpunta sa Masjid Quba at magdasal doon, siya ay bibigyan ng gantimpala kasintulad ng gantimpala ng ‘Umrah”.
2. ***Libingan ng mga Marter sa Uhod*** **:** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay malimit niyang dalawin ang mga libingan ng mga marter sa Uhod upang sila ay batiin. Mula sa salaysay ni Bukhari at Muslim: Sinabi ng Sugo ng Allah, “Ang (Uhud ay) bundok na pinakamamahal natin at nagmamahal din sa atin.”
3. ***Jannat al Baqi’ :*** ito ang libingan o sementeryo ng Madinah at malimit dalawin ito ng Sugo ng Allah upang batiin ang mga nakalibing dito at karamihan sa kanila ay mga kasamahan niya, mga tagasunod sa kaniya at mga makarelihiyosong Muslim. Sila ay malimit batiin ng Propeta sa pagbati na ito:

((اَلسَّلاَمُ عَلَيْكُمْ أَهْلَ الدِّيَارِ مِنْ الْمُؤْمِنِيْنَ وَالْمُسْلِمِيْنَ، وَإِنَّا إِنْ شَاءَ اَللّٰهُ بِكُمْ لاَحِقُوْنَ، نَسْأَلُ اللّٰهَ لَنَا وَلَكُمُ الْعَافِيَةَ))

***“Asslaaamu ‘alaykom ahlad diyaari minal Mu’mineena wal Muslimeen, wa inna insha Allaho bikom la hiqoon, nas alaLlaaha lana walakomol ‘aafiyah.”***

**Ang kahulugan:** “Sumainyo nawa ang kapayapaan O angkan ng pook na ito mula sa mga Mu’mineen at mga Muslim! At kami, Kung papayag ang Allah ﷻ , ay makakasama sa inyo. Hinihiling namin sa Allah ﷻ na pagkalooban kayo at kami ng Kanyang Pangangalaga (o Pagtangkilik).”

((اَللَّهُمَّ اغْفِرْ لأَهْلِ بَقِيْعِ الْغَرْقَدِ))

***“Allaahummaghfir liahli Baqi’ ilgarqadi”***

**Ang Kahulugan:** “ O Allah ﷻ patawarin Mo ang mga naninirahan sa Jannat Al-Baqi’.”

### *Mga Bagay na dapat gawin sa isang namatay na Muhrim (Perigrino).*

Ang namatay na perigrino ay hinuhugasan ng tubig at walang pabangong ipapahid sa kanya o di kaya ay takpan ang kanyang ulo, dahil sa Araw ng Muling Pagkabuhay (Resurrection Day) siya ay bubuhaying muli bilang isang perigrino[41].

Kung ang isang tao ay namatay sa loob ng barko habang ito ay naglalakbay at imposibleng mailibing ito sa lupa, ang kanyang katawan ay iniipit (na mahigpit na nakatali) sa pagitan ng dalawang makapal na tabla (upang hindi ito lumutang) at itapon sa dagat ( baka sakaling makarating ito sa dalampasigan at mailibing nang maayos nang sinumang tao ang makakuha sa kanyang bangkay).

---

[41] Naisalaysay ni Ibn ‘Abbas ؓ na ang isang lalaki ay nahulog mula sa kanyang kamelyo (sa kalagayan na nakasuot ng Ihram) at napilay ang kanyang leeg at namatay. Kaagad sinabi ng Propeta ﷺ : Paliguan siya ng tubig na may halong dahon ng punong Lote (Lote tree) at isapot o ibalot sa kanya ang kanyang dalawang (pirasong) tela (ng kanyang Ihram), at huwag takpan ang kanyang ulo dahil siya ay bubuhaying muli ng Allah ﷻ sa Araw ng Pagkabuhay na Muli na idinadalangin ang pangalan ng Allah ﷻ.” Sahih Muslim, Vol. 2B, Chapter 14, Page 221at Sahih Bukhari. Volume 2 no. 358 page 201.

## *Ang Mga Bagay Na Nakakasira Sa Pananampalataya Sa Islam*

## نـوا قض الإسلام

### *1.)* Shirk Sa Pagsamba Sa Allah ﷻ.

Ang Allah ﷻ ay nagsabi:

إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَغۡفِرُ أَن يُشۡرَكَ بِهِۦ وَيَغۡفِرُ مَا دُونَ ذَٰلِكَ لِمَن يَشَآءُۚ
وَمَن يُشۡرِكۡ بِٱللَّهِ فَقَدۡ ضَلَّ ضَلَٰلَۢا بَعِيدًا

***" Katotohanan ! hindi mapapatawad ng Allah ﷻ (ang kasalanan) ang pagbibigay ng katambal para sa Kanya (sa pagsamba) subalit Kanyang mapapatawad ang anumang pagkakasala na Kanyang nanaisin." [42]***

(Siya ay nagsabing muli:)

إِنَّهُۥ مَن يُشۡرِكۡ بِٱللَّهِ فَقَدۡ حَرَّمَ ٱللَّهُ عَلَيۡهِ ٱلۡجَنَّةَ وَمَأۡوَىٰهُ ٱلنَّارُۖ
وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنۡ أَنصَارٖ

***"Katotohanan ang sinuman sa inyo ang magtatag ng katambal (sa pagsamba) sa Allah ﷻ ay gagawing bawal ng Allah ﷻ ang Paraiso para sa kanya at ang impiyerno ang kanyang magiging tirahan at para sa mga politista at gumagawa ng mga kamalian ay walang makakatulong sa kanila. [43]***

---

[42] Qur'an, ( Al-Nisa 4:116)

[43] Qur'an, ( Al-Maidah 5:72)

***2.) Ang magtatag o kumilala sa pamamagitan ng tao at Allah ﷻ.***

***3.) Ang hindi maniwala na ang mga mushrikeen (politeista) ay mga kuffar (walang paniniwala) o ang pag-aalinlangan sa kanilang pagiging kuffar, o di kaya ay ipagtanggol sila at bigyan ng katuwiran o tamang pananaw ang kanilang paniniwala.***

***4.) Ang maniwala na ang gabay o patnubay at pamamahala ng iba ay mas higit pa sa pamamahala ng Propeta Muhammad ﷺ.***

***5.) Ang magkaroon nang galit alin man sa mga kautusan mula sa mensahe ng Propeta Muhammad ﷺ kahit ito ay sinusunod pa.***

Sinabi ng Allah ﷾ :

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَرِهُوا۟ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فَأَحْبَطَ أَعْمَـٰلَهُمْ

*" Iyan ay dahil galit sila sa ipinahayag ng Allah ﷻ (Ang Qur'an at Batas ng Islam); kaya ginawa Niya na ang kanilang mga gawain na walang silbi."*[44]

***6.) Ang mga pangungutya alinman sa bahagi ng relihiyong Islam at sa mga pangalan at katangian ng Allah ﷻ.***

---

[44] Qur'an, (Muhammad 47:9)

Sinabi ng Allah ﷾ :

قُلْ أَبِاللَّهِ وَآيَاتِهِ وَرَسُولِهِ كُنتُمْ تَسْتَهْزِئُونَ
لَا تَعْتَذِرُوا قَدْ كَفَرْتُم بَعْدَ إِيمَانِكُمْ

***"At sabihin mo: Ang inyong mga pangungutya ay para ba sa Allah ﷻ, sa Kanyang mga palatandaan at Mensahero? walang paumanhin sa inyo; dahil kayo ay hindi naniniwala."[45]***

***7.) Ang paggawa ng mga mahika o makisama sa mga mahikero kasama dito ang paggawa o maniwala sa mga pamamaraan ng mahika .***

Sinabi ng Allah ﷾ :

وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّىٰ يَقُولَا إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلَا تَكْفُرْ

***" Subalit wala sa dalawang (mga Anghel na) ito ang nagtuturo (sa mga bagay na ito) hangga’t hindi nila sasabihin, "Kami ay para sa mga pagsubok lamang, kaya huwag maniwala (sa pag-aaral ng mga mahika mula sa amin).[46]***

***8.) Ang pakikiisa sa mga mushrikeen (politeista) , magbigay ng suporta o tulong laban sa mga muslim.***

Sinabi ng Allah ﷾:

---

[45] Kor’an, ( Al Taubah 9:65-66)

[46] Qur’an , (Al Baqara 2:102)

وَمَن يَتَوَلَّهُم مِّنكُمْ فَإِنَّهُۥ مِنْهُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ

***" At kung mayroon man sa inyo na kasamahin sila (bilang Auliya), tiyak siya ay isa sa kanila. Katotohanan hindi bibigyan ng Allah ﷻ ng patnubay ang mga dhaalimun (politista, masasama at hindi makatarungan)." [47]***

***9.) Ang maniwala na mayroong natatanging tao na hindi na kailangan pang sumunod sa Propeta Muhammad ﷺ.***

Sinabi ng Allah ﷻ :

وَمَن يَبْتَغِ غَيْرَ ٱلْإِسْلَٰمِ دِينًا فَلَن يُقْبَلَ مِنْهُ
وَهُوَ فِى ٱلْءَاخِرَةِ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ

***" At ang sinuman ang maghangad ng ibang relihiyon maliban sa Islam ay hindi ito tatanggapin para sa Kanya at sa Araw ng Paghuhukom siya ay makakasama sa mga nawalan." [48]***

***10.) Ang ganap na pagtalikod sa relihiyon ng Allah ﷻ, at ang hindi mag-aral at sumunod dito.***

Sinabi ng Allah ﷻ:

مَنْ أَظْلَمُ مِمَّن ذُكِّرَ بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِۦ ثُمَّ أَعْرَضَ عَنْهَآ ۚ إِنَّا مِنَ ٱلْمُجْرِمِينَ مُنتَقِمُونَ

***"At alin ang mas nakakarami ang magagawang mga pagkakamali kundi ang taong nabigyan na ng mga palatandaan mula sa kanyang Panginoon, pagkatapos siya ay lumingon sa iba. Katotohanan, bibigyan Namin ng ganap na***

[47] Qur'an, (Al Maidah 5:51)
[48] Qur'an, ( Al Imran 3:85)

***parusa ang mga Mujrimun (Kriminal, hindi naniniwala, politista at mga makasalanan)."[49]***

## TALAHULUGANAN

| | |
|---|---|
| **Al-Haram** | : ito ang banal na lungsod ng Makkah. |
| **Al-Mash'ar Al-Haram** | : ito ang lambak sa pagitan ng Muzdalifah at Mina at pook pahingahan ng mga perigrino sa gabi ng ika-siyam at isagawa dito ang dasal sa Maghrib at Isha. |
| **Al-Masjid Al-Haram** | : ito ang Masjid na kinatitirikan ng Ka'abah sa Makkah. |
| **'Arafat** | : ito ang pook na kinalalagyan ng Bundok Rahmah at kinakailangan sa lahat ng mga perigrino ang manirahan dito sa ika-siyam na araw ng Hajj. |
| **At-Tahallul Al-Asghar** | : ito ang pagtatapos sa pagsusuot ng Ihram at panunumbalik sa pang-karaniwang katayuan ng perigrino maliban sa pakikipagtalik sa asawa ang hindi pinapayagan sa katayuang ito. |

[49] Qur'an, ( Al Sajdah 32:22)

**At-Tahallul Al-Akbar** : ito ang ganap na pagtatapos sa katayuan ng Ihram at inaalis nito ang lahat na ipinagbabawal sa mga perigrino at pinapayagan silang mamuhay ng normal.

**Ayyamu Tarwiyyah** : ito ang pang-walong Araw ng Dhul-Hijjah.

**Ayyamu-Tashreeq** : ito ang Araw mula 11,12 at 13 ng Dhul-Hijjah.

**Du'a** : ito ang mga panalangin sa Allah ﷻ .

**Ghusl** : ito ang paliligo na may kasamang hangarin upang dalisayin ang sarili.

**Hajar Al-Aswad** : ito ang maitim na bato na nakadikit sa kanto ng Kaabah na malapit sa pintuan nito at dito inuumpisahan at dito rin tinatapos ang bilang ng tawaf (o pag-ikot) sa Ka'abah.

**Hajj** : ito ang pan-limang haligi sa pananampalatayang Islam. Ito ay dapat maisagawa ng mga may kakayahan kahit minsan sa buong buhay ng isang Muslim.

**Hajj Al-Ifrad** : ito ay uri ng Hajj na nagtutukoy sa pagsasagawa ng Hajj lamang na hindi kasama ang 'Umra.

**Hajj Al-Qiran** : ito ay uri ng Hajj na pinagsama sa iisang ihram ang Hajj at Umrah at may dalang hayop para sa pag-aalay.

**Hajj Al-Tumattu'** : Ito ang uri ng Hajj na ang perigrino ay nag-uumpisa muna sa pagsasagawa sa 'Umrah at pagkatapos ay isinusunod niya ang Hajj.

**Hijr Isma'il** : ito ang parang maliit na pader na may kalayuan ng ilang metro lamang sa bandang silangan sa harapan ng Kaabah at pinaniniwalaang ito ay kasama ng Kaabah. Kaya ang pader na ito ay kasama habang iniikot ang Ka'abah.

**Ihram** : ito ang kalagayan ng isang taong mag-uumpisa sa pagsasagawa ng 'Umra o di kaya ay Hajj at napapaloob sa mga nakatakdang ipinagbabawal habang ang tao ay nasa katayuan bilang Muhrim.

**Jamarat** : ito ang tatlong haliging bato na binabato ng mga perigrino.Ito ang Jamarat Al-Kubra o ang Malaking Jamarat, ang Jamarat Al-Wusta o ang Gitnang Jamarat at Jamarat Al-Asgar o ang Maliit na Jamarat.

**Jamarat Al-Aqabah** : ito ang Jamarat na pinakamalapit sa Makkah at siya rin ang Jamarat Al-Kubra.

**Ka'abah** : ito ang kuwadradong bahay na bato sa loob ng Masjid Al-Haram sa Makkah na iniikot ng mga perigrino. Ito rin ang direksiyon ng mga Muslim sa tuwing sila ay nagdadasal.

**Madinah** : ito ang Yathrib sa orihinal na pangalan, at siya ang lungsod na doon lumikas ang Propeta Muhammad ﷺ at ang kanyang mga kasamahang galing sa Makkah. Ito ay humigit kumulang ng 450 kilometro ang layo mula sa Makkah.

**Makkah** : ito ang pinakabanal na lungsod ng mga Muslim at matatagpuan ito sa bandang kanluran ng bansang Saudi Arabia.

**Mahram** : ito ay mga taong maaaring isama ng (isang) babae, katulad ng kanyang asawa at iba pang kalalakihan, (na bawal siyang maasawa) katulad ng kanyang ama, kapatid na lalaki, lolo, apo at tiyuhin.

**Maqam Ibrahim** : ito ang himpilan o pook na tinatayuan ni Propeta Abraham عليه السلام noong itinatayo ang Ka'abah. Ito sa kasalukuyan ay makikita natin na nakakahon (ng salamin) sa harapan ng Ka'abah.

**Marwah** : ito ang isa sa mga maliliit na bundok na malapit sa Kaabah at matatagpuan ito sa bandang Hilagang Silangan ng

Kaabah at humigit kumulang ang layo nito sa Ka'abah ng 250 metro. Karaniwan dito nagtatapos ang bilang ng Sai'ey.

**Mina** : ito ay pook na malapit sa Makkah papuntang Arafah. Karaniwan dito naninirahan ang mga perigrino sa Araw ng Tashreeq.

**Miqat** : ito ang mga himpilang itinakda na dito ginaganap ang paglalagay ng Ihram kasama ang layuning isasagawa, kung iyon ba ay para sa 'Umrah o para sa Hajj. (tingnan ang Mga Mawaqit sa aklat na ito)

**Muzdalifah** : ito ang pook sa pagitan ng 'Arafah at Mina, at pook na dito maninirahan ang mga perigrino sa gabi ng ika-sampu ng Dhul-Hijjah.

**Ramal** : ito ang patakbo ng bahagya sa unang tatlong ikot habang isinasagawa ang tawaf sa Ka'abah.

**Ramey** : ito ang pagpupukol ng bato.

**Safa** : ito ang isa sa mga maliliit na bundok na malapit sa Kaabah at matatagpuan ito sa bandang Hilagang Silangan ng Kaabah at humigit kumulang ang layo

| | |
|---|---|
| | nito sa Kaabah ng 200 metro.Dito nag-uumpisa ang bilang ng Sai'ey. |
| **Sa'iey** | : ito ang pamamaraang paglalakad sa pagitan ng dalawang bundok ng Safa at Marwah. |
| **Shawt** | : ito ang tawag sa bawat pag-ikot ng Tawaf. |
| **Shirk** | : ito ay gawaing pagtatambal sa Diyos (Allah) at kasalanang hindi mapapatawad ng Allah ﷻ . |
| **Takbeer** | : ito ang pagbigkas sa "Allaho Akbar" (Ang Allah ay Dakila). |
| **Talbiyyah** | : ito ang kasagutan sa panawagan ng Allah ﷻ para sa 'Hajj. (Tingnan ang Talbiyyah sa Aklat na ito.) |
| **Tawaf** | : ito ang pag-ikot sa Ka'abah. |
| **Tawaf Al-Ifadah** | : ito ay Tawaf na kasama sa mga haligi ng rituwal sa 'Hajj. Ito ay isinasagawa ng mga perigrino pagkagaling nila sa Muzdalifa. |
| **Tawaf Al-Qudoom** | : ito ang Tawaf sa pagdating, at ito ay kasama sa mga sunnat ng 'Hajj at 'Umrah. |

| | |
|---|---|
| **Tawaf Al-Wada** | : ito ang Tawaf na Pamamaalam at ito ay kasama sa mga wajib ng 'Hajj. |
| **Zamzam** | : ito ay pangalan ng bukal ng tubig sa loob ng Masjid Al-Haram. |

IslamHouse.com